# Pangaralan ninyo ang mga kababaihan sa kabutihan,Dahil ang isang babae ay nilikha mula sa tadyang,At ang pinakabaluktot sa tadyang ay ang pinakataas nito,At kapag inibig mong ituwid ito,ay mapuputol,at kapag hinayaan mo,mananatili itong baluktot,Pangaralan ninyo sila.

Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya. sa Hadith na Marfu-((Pangaralan ninyo ang mga kababaihan sa kabutihan,Dahil ang isang babae ay nilikha mula sa tadyang,At ang pinakabaluktot sa tadyang ay ang pinakataas nito,At kapag inibig mong ituwid ito,ay mapuputol mo ito,at kapag hinayaan mo,mananatili itong baluktot,Pangaralan ninyo ang mga kababaihan)) At sa isang salaysay: ( Ang Babae ay tulad ng tadyang,Kapag itinuwid mo,mapuputol mo ito,at kapag pinabayaan mo ito,pinabayaan mong ito ay baluktot)) At sa isang salaysay:((Tunay ng ang Babae ay nilikha mula sa tadyang,Hindi ito tutuwid sa iyo sa isang daan,at kapag pinabayaan mo ito,pinabayaan mong ito ay baluktot,At kapag inibig mong ituwid ito,ay mapuputol mo ito,At ang pagputol sa kanya ay paghiwalay sa kanya))

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim - napagkaisahan ang katumpakan sa dalawang salaysay niya]

Ipinaalam ni Abu Hurayrah malugod si Allah sa kanya-ang pakikisalamuha sa mga kababaihan.Na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ay nagsabi:Tanggapin ninyo ang pangangaral na ito na ipapangaral ko sa inyo,at ito ay ang paggawa ninyo ng Kabutihan sa mga kababaihan,Dahil ang mga kababaihan ay kulang sa katalinuhan at kulang sa Relihiyon,at kulang sa pag-iisip,at kulang sa lahat ng mga kapakanan nila,Spagkat sila ay nilikha mula sa tadyang,At si Propeta Adam-sumakanya ang pagpapala at pangangalaga-ay nilikha ni Allah na walang Ama at walang ina,ngunit nilikha Niya ito mula sa Alabok pagkatapos ay sinabi Niya sa kanya na Mangyari at ito ay Nangyari,At nang inibig ni Allah na paramihin ang likhang ito,nilikha Niya rito ang Asawa niya,Nilikha Niya ito mula sa Tadyang niyang baluktot,At nalikha siya mula sa mula sa Tadyang na baluktot,at ang Tadyang na baluktot kapag pinabayaan mo ito,pinabayaan mo ito na baluktot at kapag inibig mo na ito ay maituwid ay mapuputol,At gayundin ang babaing ito,kapag pinabayaan ito ng tao,pinabayaan niya ito na ito sa kabaluktotan,at tatanggapin nalang ito upang [maging] madali,At kahit inibig pa niyang maging matuwi,ngunit hinding-hindi na siya maitutuwid,at walang may kakayahan nito,Kahit maging matuwid siya sa kanyang Relihiyon,ay Hinding-hindi siya magiging matuwid dahil sa pagiging likas na katangian niya,at hindi niya magagwa ang lahat ng ninanais ng asawa niya sa lahat ng bagay,ngunit dapat ay magkaroon parin

ditong paglabag,at dapat ay mayroon paring kakulangan,kasama ang kakulangaan niya rito,At kapag inibig mong ituwid ito,ay mapuputol mo ito,At ang pagputol sa kanya ay paghiwalay sa kanya,Ang ibig sabihin nito ay;Kahit subukin mong maituwid siya ayon sa kagustuhan mo,ay hindi ito mangyayari,at sa oras na iyon ay magsasawa ka at hihiwalayan mo siya.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3049